# KAPASIYAHAN BLG. 2024-26

**"NAGSASAAD NA ANG KABUUANG SUKAT NG LUPANG IPINAGKALOOB SA PAMBANSANG PULISYA NG PILIPINAS (PNP-BUSTOS) NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AY APAT NA DAANG METRO KWADRADO (400 SQM) LAMANG."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

---

**SAPAGKA'T,** taong 1998 ay nagpatibay ang Sangguniang Bayan ng Bustos ng Kapasiyahan Blg. 76, H. 1998 na nagkakaloob Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP-Bustos) ng iosang parsela ng lupa na may sukat na dalawang daang metro kwadrado (200 sqm) mula sa Pamahalaang Bayan ng Bustos;

**SAPAGKA'T,** taong 2015 ay nagpatibay ang Sangguniang Bayan ng Bustos ng Kapasiyahan Blg. 2015-15 na may pamagat na nagkakaloob Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP-Bustos) ng iosang parsela ng lupa na may sukat na apat na daang metro kwadrado (400 sqm) mula sa Pamahalaang Bayan ng Bustos;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa dalawang kapasiyahan naanim na daang metro kwadrado (600 sqm) ang naipagkaloob ng Pamahalaang Bayan sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP-Bustos);

**SAPAGKA'T**, ang katotohanan at tunay na intension ng Pamahalaang Bayan ng Bustos ay maipagkaloob sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP-Bustos) apat na daang metro kwadrado (400 sqm) lamang;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na sinang-ayunan ng lahat ng mga kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na isaad sa kapasiyahang ito na ang kabuuang sukat ng lupang ipinagkaloob sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP-Bustos) ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan ay apat na daang metro kwadrado (400 sqm) lamang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-05 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-05 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim